

Ilang mga payo sa paglunas ng 'ujb

□ Mapapansin ng tao ang 'ujb sa kanyang pagkatao sa pamamagitan ng pag-iingat, pagmuni-muni sa sarili, at pagsusuri sa sariling mga layunin at kilos. Taos-pusong manalangin sa Panginoong pagkalooban ng kabatiran sa kanyang mga pagkakamali at kahinaan. Isipin na kapag ibigin ng Panginoon ang tao, pagkalooban muna Niya ito ng kabatiran sa kanyang sariling mga pagkukulang at pagkakamali.

□ Alalahanin na ang buhay, lakas, dunong at iba pa ay mga bakas ng mga Katangian ng Panginoon. Bawat mabuting gawain, pananampalataya, talino, at pagkakataon ay nakakamit sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya at grasya. Kapag wala Siyang pahintulot, walang taong makagawa ng anumang mabuti. Nilay-nilayin ang iyong mga mabuting gawain at pananampalataya: Taos-puso ba ang mga ito nang walang pagkukulang at para lamang sa Allah? Masabi mo bang nararapat na pagkalooban ka ng gantimpala ng Panginoon dahil sa iyong mga mabuting gawain? O baka naman mas nakakabuting malaman mo na ang tulong ng Allah ang nagbigay pagkakataon sa iyong gumawa ng mabuti at marami sa iyong mga pagkakamali at masamang layunin ang Kanyang tinakpan, at ipanalangin na Kanyang ibilang ang mga ito sa iyong mga mabuting gawain?

□ Dapat malaman na walang nilalang sa ibabaw ng lupa ang lubos na makaganap sa mga pangangailangan ng pananampalataya at paglilingkod sa Allah. Ang mga panalangin ng mga propeta at *awliya* ay nagpapatibay sa kanilang mga pagkukulang dito. Batid nila na kahit na magsamba sila habambuhay, hindi sila lubos na makapasalamat dahil sa Kanyang mga biyaya at higit pang hindi nila kayang maunawaan ang Kanyang Diwa at mga Katangian. Kaya, nararapat laging alalahanin ng tao ang kanyang mga pagkakamali at humingi ng kapatawaran sa Panginoon.

□ Ang 'ujb ay bunga ng pagmamahal sa sarili na huminimok sa taong bigyang halaga ang kanyang mga di mahalagang gawain at maliitin ang mga mabuting gawaing ng iba. Isaalang-alang ang iyong mga kilos: Ano ang iyong nadarama tuwing nakakagawa ka ng isang maliit na mabuti? Humihimok ba ito sa iyong magpakumbaba at magpasalamat sa Allah? Ano ang pagtingin mo sa katulad ng mga gawain ng iba? Mahirap ba para sa iyong tanggapin ang mga ito bilang mga mabuting gawain? Ano ang iyong nararamdaman tuwing nagkakasala ka? Humihimok ba ito sa iyong mahiya sa Panginoon, o hindi mahalaga ito sa iyo at may dahil sa paggawa nito? Ano ang pagtingin mo kapag iba ang nagkasala? Humihingi ka ba ng kapatawaran para sa kanila? Tinutulungan mo ba sila upang matalikuran ng mga kasalanan, o baka naman galit ka sa kanila?

□ Tuwing nagdarasal, muni-munihin ang mga kahulugan ng *al-hamdulillah* (ang lahat ng puri ay sa Allah lamang) at sikaping turuan ang iyong puso na ang lahat ng mga kakayahan at katangiang iyong taglay at lahat ng mga mabuting iyong nagawa ay hindi kapuri-puri, at ang Panginoon ang dapat na purihin dahil sa mga ito na Kanyang ipinagkaloob sa iyo.

Konklusyon:

□ Sinabi ni Imam al-Baqir ('a): "Pigilin ang daan ng 'ujb sa pamamagitan ng *ma'rifah* (kaalaman) sa sarili." [*Mizan al-Hikmah, hadith # 11859*]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa tunay na Islam, dumalaw sa:

<http://al-islam.org/faq/>

v.01

"Sabihin mo (O Muhammad): 'Nais ninyo bang ipaalam Namin kung sino ang labis na lugi sa kanyang mga gawain? Yaong ang kanilang mga pagsisikap ay nasayang dito sa buhay sa mundo habang sa kanilang palagay sila ay gumagawa ng mabuti'."

(Qur'an, 18: 103-4)

Sinabi ni Imam 'Ali ('a): "Sinumang may 'ujb sa kanyang puso ay tiyak na mapapahamak."

[Al-Saduq, *al-'Amali*, p. 447]

Mga Sakit ng Kaluluwa...

Kapalaluan ('ujb)

Sinabi ni Imam Musa al-Kazim ('a): "May iba't-ibang antas ng 'ujb. Halimbawa, kapag ang mga masamang gawain ng tao ay mabuti sa kanyang pag-aakala; itinuturing niyang mabuti ang mga ito at mahal ang kanyang sarili, sa pag-aakalang gumagawa siya ng mga mabuti.

Ang isa pang antas ng 'ujb ay makikita sa taong nag-aakala na sa kanyang paniniwala sa Panginoon, gumagawa siya ng pabor sa Panginoon; subalit ang katotohanan ay ito: ang Poong Maykapal ang gumawa ng pabor sa kanya (sa pagkaloob sa kanya ng paniniwala (*iman*))."

[Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, p. 313, *hadith # 3*]

Ano ang 'ujb at ano ang hindi 'ujb

- Ang 'ujb ay isang palagay na ang tao ay labis na mabuti at gumagawa ng mabuti, ang pagpalabis at pagiging malugod sa mga ito na may kasamang damdamin ng kahigtan dahil sa mga ito. Sa akala ng taong may 'ujb, siya ay walang anumang pagkukulang at pagkakamali. Samantala, ang kaluguran at kagalakan sa paggawa ng mabuti kasama ng damdamin ng pagpakumbaba at kababaang-loob sa Panginoon at pasasalamat sa Kanyang mga biyaya ay hindi 'ujb. Sa halip, ito ay isang kapuri-puring kaugalian.
- Sinabi ni Imam 'Ali ('a): "Ang taong nag-aakalang siya ay mahalaga sa paningin ng Allah ay walang-halaga." [Al-Amidi, *Ghurur al-Hikam wa Durar al-Kalim, hadith # 8609*]
- Habang inilalarawan ang mga katangian ng taong matalino, sinabi ng Banal na Propeta (s): "Kanyang itinuturing ang kaunting mabuting gawain ng iba bilang marami at ang kanyang mga mabuting gawain bilang kaunti." [Al-Nuri, *Mustadrak al-Wasa'il*, tomo 1, p. 132, *hadith # 184*]

Iba't-ibang antas at uri ng 'ujb

- Ang pangunahing antas ng 'ujb ay may kinalaman sa *paniniwala sa mga wastong doktrina*. Sa pag-aakala ng tao, dahil sa kanyang paniniwala sa Panginoon, gumagawa siya ng pabor sa Panginoon, o dahil sa pagtupad sa mga tungkuling ipinag-utos ng Panginoon at Kanyang Propeta (s) o dahil sa pagpalaganap sa Kanyang mensahe, siya ay may naitulong sa kaluwalhatian ng Kanyang relihiyon. Ganito ang kanyang iniisip bagama't hindi niya ito sinasabi.
- Ang ikalawang antas ng 'ujb ay may kinalaman sa *mga magagandang asal at kaugalian*, kung saan sa akala ng taong may 'ujb siya ay isa sa mga paborito ng Allah at malapit sa Kanya. Tuwing marinig ang pangalan ng mga *awliya'*, sa kanyang pag-iisip kabilang siya sa mga ito bagama't siya ay nagpapakita ng kababaang-loob. Tuwing may kagipitan, ayon sa kanyang palagay, ito ay dahil sa kanyang pagiging malapit sa Panginoon.
- Ang ikatlong antas ng 'ujb ay may kinalaman sa *mga mabuting gawain*. Sa pag-aakala ng taong may 'ujb siya ay nararapat na gantimpalaan ng Panginoon dahil sa kanyang mga mabuting gawain at pag-uugali. Itinuturing niya ang sariling tunay na nananampalataya at nararapat sa Panginoong pagpalaan siya dito sa mundo at pagkalooban ng mataas na karangalan sa kabilang-buhay. Subalit lihim niyang binabatikos ang Kanyang mga pasiya na siyang dahil na ang mga matapat at relihiyoso ay dumaranas ng kahirapan at Kanyang pagkalooban ng panlabas na biyaya ang mga hipokrito dito sa mundo. Nagkukunwari siyang nagagalak at nalulugod sa Kanyang kagustuhan at pasiya subalit hindi ganoon sa katotohanan.
- Isa pang uri ng 'ujb ay kapag itinuturing ng tao ang sarili bilang nakahihigit at mas relihiyoso kaysa iba at bilang mas mabuting tao. Itinuturing niya ang sarili bilang mas perpekto kaysa sa iba sa pagpapatupad ng mga ipinag-utos (*wajibat*) at pag-iwas sa mga ipinagbabawal (*muharramat*). Hindi niya ibinibilang ang bawat isa sa biyaya at habang ng Panginoon, at inaakala ang mga ito bilang karapatan niya at mga taong katulad niya. Siya ay sensitibo sa mga pagkakamali ng iba, subalit hindi pinupuna ang mga sariling kamalian. Itinuturing ang iba bilang imperpekto at walang halaga. Kanyang minamaliit ang iba sa kanyang puso at inaalipusta sila. Sa huli, darating siya sa puntong ipagkakait

ang anumang kabutihang kanyang makikita sa iba.

- Ang isa pang uri ng 'ujb ay may kinalaman sa mga maling paniniwala at masamang gawain ng mga hindi relihiyoso na kanilang ipinagmamalaki. Itinuturing nila ang sarili bilang mga liberal at ligtas sa anumang bigkis o gapos. Iniuugnay nila ang paniniwala sa Panginoon sa pamahiin; itinuturing nila ang paniniwala sa mga katuruan ng relihiyon bilang kakitiran ng pag-iisip, at magandang asal at pag-uugali bilang simbolo ng kahinaan ng pagkatao. Minamaliit nila ang paggawa ng mga mabuti habang itinuturing ang mga masamang gawain bilang mga kakayahan. Itinuturing ng mga ignorante at pabayang taong ito ang mga sarili bilang may dunong, at hindi sila nakikinig sa anumang payo o paalaala, na kadalasang may salungat na epekto sa kanila. Sinumang may ganitong uri ng 'ujb ay ang pinakahamak na tao.
- Sinabi ni Imam al-Sadiq ('a): "Sinabi ni Satanas, 'Kapag nalupig ko ang angkan ni Adan sa tatlong bagay, hindi mahalaga sa akin kung ano ang kanyang gagawin dahil ang kanyang mga mabuting gawain ay hindi matatanggap: (1) kapag malaki ang pagtingin niya sa kanyang mga mabuting gawain, (2) kapag malimutin siya sa kanyang mga kasalanan, at (3) kapag siya ay may 'ujb'." [Al-Saduq, *al-Khisal*, tomo 1, p. 112, *hadith # 86*]

Mga masamang bunga ng 'ujb

- Ang 'ujb ay isang mapaminsala at pamanganib na bisyo na sumisira sa paniniwala at mga mabuting gawain ng maging karaniwang tao man o relihiyoso. Ayon sa mga tradisyong [ahadith] na naiulat mula sa *Ahl al-Bayt ('a)*, ang 'ujb ay masidhi pa kaysa kasalanan kaya minsan hinahayaan ng Panginoong gumawa ng kasalanan ang nananampalataya upang siya ay maligtas mula sa 'ujb. Bukod dito, ang 'ujb ay isa sa mga pinakamalaking panganib para sa kaluluwa ng tao. Sa purgatoryo (*barzakh*), ang kaluluwang mayroon nitong masamang sakit ay makakaranas ng matinding kalungkutan.
- Ang 'ujb ay humahantong sa ilang mga malaking kasalanan at masamang kaugalian. Kapag ang mga ugat nito ay lumaganap sa puso ng tao, ito ay aakay sa kanya sa politeismo (*shirk*) at lubusang pagtalikod sa relihiyon (*irtidad*). Bukod dito, ang taong may 'ujb ay walang pag-aalintanang baguhin ang sarili. Samakatuwid, itinuturing niya ang sarili bilang relihiyoso at piyadosong tao. Hindi niya binibigyang-pansin ang kanyang mga kasalanan at hindi rin nagsisikap na iwasan ang mga ito. Kaya, ito ay tuluyang aakay sa kanya sa walang-hanggang kapahamakan. Ang maitim na kurtina ng 'ujb ay bumabalot at sumisira sa kanyang pag-iisip, bumubulag sa kanya upang hindi makita ang kanyang mga pagkukulang at pumipigil sa kanyang makamit ang anumang uri ng kaganapan (*kamal*).
- Ang taong may 'ujb ay malapit sa *riya'* (pakitang-tao) at *nifaq* (pagkukunwaring-banal). Makalalin ito ng pagmamalaki sa kanyang kilos. Kabilang sa iba pang mga kasamaan ng taong may 'ujb ay ang kanyang pag-alipusta at paglalait sa iba. Ito ay unti-unting nagpapalayo sa kanya sa landas ng kabaitan at umaakay sa kanya sa landas ng kalupitan, kawalang-puso at kapinsalaan.
- Sinabi ni Imam 'Ali ('a): "Walang kilabot ng kalungkutan ang maihambing sa kalungkutang bunga ng 'ujb." [Nahj al-Balaghah, Kasabihan # 113]
- Sinabi ni Imam 'Ali ('a): "Ang taong may 'ujb ay walang pag-iisip." [Al-Amidi, *Ghurur al-Hikam wa Durar al-Kalim, hadith # 1008*]
- Sinabi ni Imam 'Ali ('a): "Ang 'ujb ay siyang bukal ng kahangalan." [Ibid., # 938]